**Abiso sa publiko: Binibigyang-sala ng FMA ang Go Financial Solutions**

Binibigyang-sala ng Financial Markets Authority (FMA) ang Go Financial Solutions Limited sa pagkabigo nitong sumunod sa mga kinakailangan nito sa lisensya para sa taga-pagbigay ng pinansyal na payo.

Ang Go Financial Solutions ay isang kompanyang nakabase sa Christchurch na taga-pagbigay ng pinansyal na pagpapayo sa insurance ng kalusugan, buhay at negosyo at pagpapautang ng pera sa mga bumibili ng ari-arian.  Ang mga pangunahing kliyente ng Go Financial Solutions ay ang komunidad ng mga Filipino, kasama ang mga hindi residenteng gumagamit ng mga visa sa pagtatrabaho.

Natuklasan ng FMA na ang Go Financial Solutions ay:

- May hindi maayos na pagpapanatili ng rekord na may kaugnayan sa payong ibinigay sa mga kliyente nito
- Nabigong kumalap ng sapat na impormasyon tungkol sa kalagayan ng isang kliyente at hindi naipakita na angkop ang mga rekomendasyong ibinigay sa mga kliyente
- Nabigong matiyak na naintindihan ng mga kliyente nito ang payong pinansyal na natanggap nila
- Nabigong gumawa ng pag-iingat, sipag at kasanayan kapag nagbibigay ng payong pinansyal sa mga kliyente nito.

Iniuutos sa Go Financial Solutions na magpasa ng plano ng pagkilos na binabalangkas ang mga hakbang na gagawin nito upang maiayos ang mga paglabag at upang masiguradong hindi na ito mangyayaring muli. Kinikilala ng FMA ang pakikipagtulungan ng Go Financial Solutions hanggang ngayon, at ang mga pagsisikap nitong malutas ang mga paglabag. Susubaybayan ng FMA ang pagsunod at pagtapos ng Go Financial Solutions ng plano ng pagkilos.

Kung may anumang alalahanin ang mga naapektuhang kliyente tungkol sa usaping ito, dapat siyang makipag-ugnayan sa Go Financial Solutions.